

Sinama - Pilipino - English

Bissara Pondok-Pondok



Mga Parirala



Phrases

Sinama - Pilipino - English

Bissara Pondok-Pondok



Mga Parirala



Phrases



Summer Institute of Linguistics - Philippines, Inc.

Translators

1990

Publishers

Published
in cooperation with the
Institute of Philippine Languages
and the
Department of Education, Culture and Sports
Manila, Philippines

This book or any part thereof may be copied or adapted and reproduced for use by any entity of the Department of Education, Culture and Sports without permission from the Summer Institute of Linguistics. If there are other organizations or agencies who would like to copy or adapt this book we request that permission first be obtained by writing to:

Summer Institute of Linguistics
P. O. Box 2270 CPO
1099 Manila

We wish to express appreciation to the Program for Asian Projects, the Ramon Magsaysay Award Foundation, and the Rockefeller Brothers Fund for their assistance in the production of this publication.

2nd Edition
Southern Sama Phrase Book
60.7-190-2M 57.20T-904002N
ISBN 971-18-0140-X
Printed in the Philippines

PAUNANG SALITA

Bahagi ng ating yaman ang pagkakaroon ng iba't ibang wika at kultura sa ating bansa. Iba't ibang wika ang sinasalita ng iba't ibang pangkat na naninirahan sa ating kapuluan. Ikinararangal nating pangalagaan ang mayamang pamanang pangkalinangan ng mga pangkat na ito upang palaganapin ang pagkakaisa at ang pagmamalaki sa pambansang pagkakakilanlan.

Ang aklat na ito na nasusulat sa isa sa mga katutubong wika sa Pilipinas ay naglalayong paunlarin ang kasanayan sa pagbasa at pagkaunawa, dagdagan ang kaalaman, patindihin ang pagmamalaki sa unang wika, at ihanda ang esdudyante sa pagtanggap sa pambansang wika. Sa ganitong lapit, mawiwiling magbasa ang isang batang bago pa lamang natututong magbasa, at nagkakaroon siya ng tiwala sa sarili. Dahil dito'y nasisiyahan siyang magpatuloy ng pag-aaral upang maging bahagi ng pagpapaunlad ng bansa.

Ikinararangal ng Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports na ipakilala ang aklat na ito bilang pinakahuli sa isang serye ng mga aklat na naglalayong palaganapin ang pagkatutong bumasa at sumulat. Sa pamamagitan ng pagpapalakas sa mga pangkat linggwistiko, pinalalakas din natin ang bansa.

LOURDES R. QUISUMBING
Kalihim

Office of the
Assistant Schools Division Superintendent

DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS

Bongao, Tawi-Tawi

Himomongan Bissara

Talamud ma pagdaya ma kawman 'ya kaniya-kaniya bahasa maka addat tabiat ma lahat tabi. Minsan magsiddi bahasa ma tiyap-tiyap kawm, soh maghati du minsan Sama dilaut maka min daley, min Tiyanggi ni Siasi, min Bongao ni Sibutu, maka min Kasamahan Tandubas ni Simunul, lahat bey pinatengge panji Islam maka lingkal Pilipinas. Hangkan subey hinang ta kabantugan bey pusakah kamattoohan beteh na bahasa, sabab bang mbal niyah bahasa, mbal na niyah bangsa beteh kita bangsa Sama ma puh Tawi-Tawi.

'Ya karuwa buk itu bey leh nulat leh disi Mr. & Mrs. Trick maka Mr. & Mrs. Drake siddi min buk dahulu 'ya bey leh nulat heh bagay ku si Joe Allison maka nda na si Karen ma bahasa Sinama Sibutu. Beteh ilu kinonnopan pinakosog panghati maka pagpaheya ma bahasa Sinama, saltah sinaddiya ma saga anak-anak iskul pasal pag-anad pagbassa, maka panganna, maka tagihan anak-anak bahau massa.

Karnah itu, sigak maka silli 'ya magpаланjut pangiskul supaya tahinang lan bontol mapag-anaran massa maka laku bahasa maka bangsa na.

Kabantugan maka pagsukulan ma Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Sports, ma panji si Dr. Lourdes R. Quisumbing, pinahilayak buk itu karnah panghinapusan maka saga buk bey tasulat atawa bey tahinang pag-anad magbassa maka pagsulat, pagluwas-lungad leh parhimpunan Summer Institute of Linguistics; tantu kosog lahat tabi ma lan kabontolan maka kasannangan. Wassalaam.

Dr. Mahmud S. Hassan, Ed.D.
Assistant Schools Division Superintendent

Bismillahir Rahmanir Rahim

Pahati

Iya bahasa Sinama iya itu bahasa nibissara heh baanan bangsa Sama maglahat miitu ma baanan kapuh-puan ma deyoan satan Pilipinas.

Heka ginisan bissara Sinama. Iya bissara Sinama ma diyalom buk itu, iya na nipakey ma puh Bongao. Iya lahat Bongao iya na inah lahat ma Tawi-Tawi, maka Tawi-Tawi tu, iya na katapusan puh ma satan Pilipinas.

Iya baanan bissara pondok-pondok itu heh nulat miitu iya asal bissara nibissara atawa nipamung heh baanan mundusiyah. Sikeyya tu heh ngamaana lling ni lling, atawa bissara ni bissara, atawa kabtang ni kabtang.

Pahiwatig

Ang wikang Sinama ay ang wikang ginagamit ng tribong Sama na naninirahan sa pinakadulong kapuluan sa Timog ng Pilipinas.

May mga iba't ibang diyalekto ang wikang Sinama. Ang mga pariralang Sinama na mababasa sa loob ng aklat na ito ay ang Sinamang ginagamit sa Pulo ng Bongao. Ang bayan ng Bongao ang kapital ng Lalawigan ng Tawi-Tawi, na siyang pinakadulong lalawigan sa Timog ng Republika ng Pilipinas.

Ang mga parirala o maiikling pangungusap na napapaloob sa aklat na ito ay siyang pangkaraniwang ginagamit sa pakikipag-usap. Samakatuwid hindi "literal" ang pagkakasalin ng mga ito.

Preface

The Sinama language is spoken by the Sama people who live in the extreme southern Philippines.

There are many varieties or dialects of the Sinama language. The one used in this book is that spoken on Bongao Island. The town of Bongao is the capital of the Province of Tawi-Tawi, the southern-most province in the Republic of the Philippines.

The phrases herein are written idiomatically according to their respective languages. They are not a word-for-word translation of each other.

PRONUNCIATION GUIDE: The orthography used in Sinama follows the Tagalog pronunciation with the exception of the letter h. When h occurs in syllable initial position it represents the same sound as in the English word house. In syllable final position h represents glottal stop, as in the Tagalog word lupà.

Buk itu bey tagna heh
nulat ma bissara Sinama
Sibutu maka katis ma
tahun 1979. Iya bey
ngahinang iya tu disi
Joe maka Karen Allison
min Summer Institute of
Linguistics, maka si
Wilhelmina Mandaling
min Sibutu, Tawi-Tawi,
iya bey nabang
matowwah bahasa
Sama. Si Neri Zamora
sab min Manila, ya bey
ngamaanahan bissara
Filipino.

Ang aklat na ito ay unang
nailathala sa wikang
Sinama Sibutu noong
taong 1979. Ang mga
sumulat ng aklat na ito ay
sina Joe at Karen Allison
ng Summer Institute of
Linguistics, kasama ni Bb.
Wilhelmina Mandaling na
taga-Sibutu, Tawi-Tawi.
Si Bb. Neri Zamora
naman ang nagsalin nito
sa wikang Filipino.

This book was first pub-
lished in the Sinama
Sibutu dialect in 1979.
It was produced by Joe
and Karen Allison of the
Summer Institute of
Linguistics, together
with Miss Wilhelmina
Mandaling of Sibutu,
Tawi-Tawi. The
Filipino translation was
supplied by Miss Neri
Zamora of Manila.

Iya karuwa na buk heh ngahinang, ma bahasa Sinama Bongao, supaya tahati heh bangsa Sama min Tawi-Tawi ma kapuh-puan. Iya pagpinda baanan bissara tu bey pagtabangan heh disi Adalla Samson, si Nuraina Jamma, si Bhusra Ismael, si Roberto Jamma, si Adjaip Salapuddin, maka disi Douglas ka Phyllis Trick, maka Charles ka Kristi Drake, min Parhimpunan Summer Institute of Linguistics. Disi Marilyn Alawi ka si Aurora Dais sab iya bey matowwah maka mabontol bahasa Filipino.

Makajari nipakey buk itu heh baanan aa Sama bilahi nganad bahasa Filipino 'ka Anggalis. Atawa makajari nipakey heh siyan-siyan mundusiyah bilahi nganad bahasa Sinama.

Ang ikalawang labas ng aklat na ito ay naititik sa wikang Sinama Bongao, dahil ito ang higit na naiintindihan ng mga iba't-ibang tribong Sama na naninirahan sa kapuluan ng Tawi-Tawi. Ang mga nagsalin ng mga pariralang ito ay sina Gng. Adalla Samson, si Bb. Nuraina Jamma, si Bb. Bhusra Ismael, si G. Roberto Jamma, si G. Adjaip Salapuddin, kasama nina G. at Gng. D. Trick at G. at Gng. C. Drake ng Summer Institute of Linguistics. Sina Gng. Marilyn Alawi at Gng. Aurora Dais naman ang nagsaayos o nagpatuwid sa pagsasalin ng pariralang Filipino.

Maaaring gamitin ang aklat na ito ng mga taong nag-aaral ng wikang Sinama, o ng wikang Filipino, o di kaya ng wikang Inggles.

The second edition of this book is in the dialect of Sinama which is spoken in Bongao, since this can be understood by Sama people throughout the islands of Tawi-Tawi. Those who assisted with the translation of the phrases were Mrs. Adalla Samson, Miss Nuraina Jamma, Miss Bhusra Ismael, Mr. Roberto Jamma, Mr. Adjaip Salapuddin, along with Mr. and Mrs. D. Trick and Mr. and Mrs. C. Drake from the Summer Institute of Linguistics. Mrs. Marilyn Alawi and Mrs. Aurora Dais acted as consultants concerning the Filipino translation.

This book may be used by those studying Sinama, Filipino or English.

Mura-murahan niyah du
sab kahapan na maka
katabang heya du sab
ma kaam magbabassa
buk itu. Wassalam.

Inaasahan namin na ang
aklat na ito ay lubos na
makapagsilbi at makatu-
long sa lahat ng mga
mambabasa. Marami
pong salamat.

We hope that this book
will be useful and
helpful to its readers.
Thank-you.

Mr. and Mrs. C. Drake
Mr. and Mrs. D. Trick
Summer Institute of Linguistics
1990

Bang niyah nitilow heh
bi ma pasal heh nga-
hinang buk itu, atawa
siddi min buk itu, nulat
sidja kam ni:

Kung nais ninyong mag-
tanong tungkol sa
paglathala ng aklat na ito,
o sa iba pang aklat na
nasusulat sa wikang
Sinama, sumulat lang po
kayo sa:

If you have any ques-
tions about this or other
publications in the
Sinama language, write
to:

Summer Institute of Linguistics
Box 2270 CPO
1099 Manila, Philippines
attn: Chairman of the Linguistics Department

Sinama	Filipino	English	Page No.
HATULAN MA DIYALOM	NILALAMAN	CONTENTS	
Himomongan Bissara	Paunang-salita	Foreword.....	vi
Pahati	Pahiwatig	Preface.....	v
1. Pag-asip	1. Mga Pagbati	1. Greetings.....	1
2. Pagsohoh maka Pag-amuh	2. Ilang mga Salitang Pakiusap	2. A Few Requests.....	3
3. Panilow maka Panambung	3. Mga tanong at Sagot na Karaniwang Ginagamit	3. Common Questions and Answers.....	5
4. Pasal Magbilli maka Magpabilli	4. Pamimili at Pagbibili	4. Buying and Selling.....	11
5. Pasal Mag-indam maka Magpaindam	5. Paghiram at Pagpapahiram	5. Borrowing and Lending.....	13
6. Pasal na Lumah	6. Pagtuturo ng Gawaing Pambahay	6. Household Instructions.....	15
7. Pasal Magpopoh	7. Paglalabada	7. Laundry.....	17
8. Pasal Waktu	8. Pagsasabi ng Oras	8. Time.....	19
9. Pasal Pag-anad Bahasa	9. Pag-aaral ng Wika	9. Language Learning.....	23
10. Pasal Pagtambal	10. Pagpapagamot	10. Medical Treatment.....	25
11. Pasal Timpu ma Paglahat	11. Kalagayan ng Panahon	11. Weather.....	27
12. Pasal Tongod	12. Pagsasabi ng Direksiyon	12. Directions.....	29

13. Pasal Walnah	13. Iba't ibang Kulay	13. Color31
14. Pasal Numbul maka Sin	14. Pagbilang at Pangunguwarta	14. Numbers and Money33
15. Pasal Magtowtalih Anak	15. Relasyong Pampamilya	15. Family.....37
16. Pasal Mundusiyah	16. Mga Tao	16. People39
17. Pasal Takissa	17. Mga Damdamin	17. Feelings43
18. Pasal Kinakan	18. Mga Pagkain	18. Food.....45
19. Pasal Pag-ayad Baran	19. Pangangalagang Personal	19. Personal Grooming49
20. Pasal Pag-Iskul	20. Pag-aaral	20. School51
21. Labi	21. Samut-samot	21. Miscellaneous.....53

Sinama

Filipino

English

I. PAG-ASIP

I. MGA PAGBATI

I. GREETINGS

Assalamu aleykum.

Magandang umaga/hapon/-
gabi po sa inyo.

Peace to you. / Good
morning/afternoon/
evening to you.

Aleykum mussalam.

Magandang umaga/hapon/-
gabi rin po sa inyo.

And upon you peace. /
Good morning/
afternoon/evening to you
also!

Moleh na kami.

Uuwi na kami.

We are going home now.

Piitu na kami.

Aalis na kami.

We are leaving now.

Ahoh, pabalik peen kam.

Oo, bumalik uli kayo.

Okay, come back again.

Moleh na aku dahu,
tamban na kow.

Mauna na ako sa iyo.
Maiwan ka na rito.

I'll go ahead of you.

Ahoh, dahu na kow.

Oo, mauna ka na.

Okay, you go ahead.

Pag-asip ma lan

**Mga pagbating ginagamit
pag magkasalubong sa
daan**

**Greetings when you meet
on the road**

Piingga kow?

Saan ka pupunta?

Where are you going?

Bey kam piingga?

Saan kayo galing?

Where have you been?

Pinaan sidja.

Diyan lang.

Just there.

Palanjal gih kami.

Tutuloy na kami.


We will continue on our
way now.

Ahoh.

Sige.

Okay.

<u>Pagtulak</u>	<u>Sa Paglalakbay</u>	<u>When leaving on a trip</u>
Mura-murahan salamat kam ma lan.	Sana ligtas ang biyaha ninyo.	We hope you have a safe trip.
Kamayah peen kam.	Mag-ingat kayo.	Take care.
Salamat kow ma pagtulak nu.	Patnubayan ka nawa ng Diyos sa inyong paglalakbay.	May God grant you a safe journey. / God bless you on your trip.
Ahoh, magsukul.	Opo, salamat.	Yes, thanks.



Sinama

Filipino

English

**2. PAGSOHOH MAKA
PAG-AMUH**

**2. ILANG MGA
SALITANG
PAKIUSAP**

2. A FEW REQUESTS

Piitu kow.

Halika rito.

Come here.

Pihih na kow.

Lakad ka na.

Go on now.

Ningkoh kow.

Maupo ka.

Sit down. / Have a seat.

Deyh-deyh-an sidja.

Sandali lang.

Just a minute.

Ngagad kam deyh-deyh.

Maghintay po kayo sandali.

Please wait a moment.

Palikkas kow.

Dali ka.

Hurry!

Ndaun itu.

Tingnan mo ito.

Look at this.

Pandaun aku pattah nu.

Patingin naman ng litrato
mo.

Let me look at your
photos.

Palabey gih aku.

Makikiraan nga po.

Please let me by. / Excuse
me.

Tabangin gih aku.

Tulungan mo ako.

Help me.

Pakullumun gih malkina.

Paandarin mo muna ang
makina.

Please start the motor.

Paharokun gih hinang ilu.

Itigil mo muna ang
ginagawa mo.

Please stop doing that.

Daa kow paragan.

Huwag kang tatakbo.

Don't run.

Kamayah kow ma anu ilu.

Ingantan mo iyan.

Be careful with that.

Teh itu heh nu ngahinang.

Ganito ang paggawa.

Do it like this.

Panduin gih aku ngahinang itu.	Turuan mo nga akong gumawa nito.	Teach me how to do/make this.
Kata-katahin gih kami.	Kwentuhan mo nga kami.	Tell us a story.
Daa kam maglata.	Huwag kayong magbiruan.	Don't tease each other.
Daa itu intanin.	Huwag mo itong gagalawin.	Don't touch this.
Pihih kow boh ngaun.	Lakad na at kunin mo.	Go and get it.
Pakeyatun loppohan.	Magparikit ka ng apoy sa kalan.	Light the stove.
Songin tag ku asin.	Pakiabot ng asin.	Pass the salt to me.
Buwanin gih aku boheh.	Pahingi ng tubig.	Please give me some water.
Bowahun gih piitu.	Pakidala mo rito.	Bring it here.
Taguun mihih ma deyoh tebol.	Pakitago doon sa ilalim ng mesa.	Store it there under the table.
Pattanaun ma diyalom bakag.	Pakilagay sa loob ng kahon.	Put it in the box.
Tulak tabi gih dyip.	Itulak muna natin ang dyip.	Let's all push the jeep.
Pasakat kam.	Akyat kayo.	Come on up.
Pasod kam.	Pasok kayo.	Come in!
Palanjaj kam.	Tuloy po kayo.	Come/Go on in.
Subey niyah nabangan aku mowa duwaan ku ni tunab	Kinakailangan may tulong sa aking magdala ng mga kagamitan sa bahay.	I need help to carry my things to the house.

*Sinama**Filipino**English***3. PANILOW MAKA
PANAMBUNG****3. MGA TANONG AT
SAGOT NA
KARANIWANG
GINAGAMIT****3. COMMON
QUESTIONS AND
ANSWERS**

Siyon on na?	Ano'ng pangalan niya?	What is his/her name?
Aa min dingga kam?	Taga-saan po kayo?	Where are you from?
Taga halla/nda kow?	May asawa ka na ba?	Do you have a husband/wife?
Ahoh. Niyah na.	Opo. Mayroon na.	Yes. I do.
Dangey heka anak bi?	Ilan ang anak ninyo?	How many children do you have?
Llum masi mattoa nu?	Buhay pa ba ang iyong mga magulang?	Are your parents still alive?
Inah ku laasa.	Ang inay ko na lang.	Only my mother.
Mmah ku, lai na matey.	Ang tatay ko, patay na.	My father has already died.
Miingga paaggalan bi?	Saan kayo nakatira?	Where do you live?
Dangeyn tahun na umul nu?	Ilang taon ka na?	How old are you?
Siyon seheh nu?	Sino ang kasama mo?	Who's your companion?
Maha niyah.	Wala.	I don't have any.
Sehean ta na kow.	Sasamahan kita.	I'll accompany you.
Magey-magey na paglahat bi?	Kumusta na ang kalagayan ninyo?	How are things at your place?

Hap du sab.	Mabuti naman.	Pretty good.
Iyan itu?	Ano ito?	What is this?
Iyan ilu?	Ano iyan?	What is that (near you)?
Iyan naan?	Ano iyon?	What is that (over there)?
Iyan li/hih?	Ano iyon?	What is that (distant)?
Naan agong.	Agong iyon.	That is a gong.
Ma siyan naan?	Kanino iyon?	Whose is that?
Ma aku.	Akin. / Sa akin.	It's mine.
Beteh itu du?	Kagaya ba nito?	Is it like this one?
Beteh ingga heya na?	Gaano kalaki iyon?	How big is it? / What is its size?
Beteh ingga lowa na?	Ano'ng hitsura noon?	What does it look like?
Pandain konoh iya.	Ipakita mo nga sa kaniya.	Show it to him/her, please.
Iyan kabilahian nu?	Ano'ng gusto mo?	What do you want?
Iyan gawi bi?	Ano'ng sadya / kailangan ninyo?	What is your purpose / do you need?
Iyan kagunahan na?	Ano'ng kailangan niya?	What (material thing) does he need?
Angey kow?	Napaano ka?	What's the matter with you?
Iyan nowwah ma kau?	Ano'ng nangyari sa iyo?	What happened to you?
Iyan hinang nu lu?	Ano'ng ginagawa mo riyon?	What are you doing there?.

Itu aku ngadjal.	Nagluluto ako.	I'm cooking.
Siyang bey ngahinang itu?	Sino'ng gumawa nito?	Who made this?
Mba katoonan ku. / Sittau.	Hindi ko alam. / Aywan.	I don't know.
Tapahap nu itu?	Puwede mo bang ayusin ito?	Can you fix this?
Sumilan kam bey takka?	Kailan kayo dumating?	When did you arrive?
Diilaw gih.	Kahapon pa.	Yesterday.
Diilaw sidja.	Kahapon lang.	Just yesterday.
Angay kow luun?	Bakit ka narito?	Why are you here?
Luun miilu si Jaafar?	Nariyan ba si Jaafar?	Is Jaafar there?
Haluun miitu.	Wala siya rito.	He/she isn't here.
Kalaan na sidja.	Kaaalis lang niya.	He/she just left.
Sumilan iya pabalik?	Kailan ang balik niya?	When will he/she return?
Toggol na iya ley palaan.	Matagal na siyang umalis.	He/She left quite a while ago.
Teh naan.	Ngayon.	Today.
Pahalu.	Bukas.	Tomorrow.
Gana-gana.	Mamaya.	Later on.
Bilahi kow meyah?	Gusto mong sumama?	Do you want to come along?
Mba aku bilahi meyah.	Ayaw kong sumama.	I don't want to go along.

Mba aku bilahi pihih.	Ayaw kong pumunta roon.	I don't want to go there.
Katis na kow ma hinang nu?	Natapos mo na ba ang ginagawa mo?	Are you finished your work?
Mba gih / Maha gih.	Hindi pa.	Not yet.
Heka gih hinang ku.	Marami pa akong ginagawa.	I still have much to do.
Bey du aku tabillihan nu tompah?	Naibili mo ba ako ng sapatos?	Did you buy any shoes for me?
Ley takaypat ku.	Nalimutan ko.	I forgot.
Sarahun na.	Hindi bale.	It doesn't matter.
Sung na kitabi.	Tayo na.	Let's go now.
Magbeyah-beyah na kitabi kamemon.	Sabay-sabay na tayong lahat.	Let's all go together.
Ley miingga sudley ku?	Nasaan ang suklay ko?	Where's my comb?
Ili ma diyatah paha-paha.	Naroon sa ibabaw ng salansanan.	There on top of the shelf.
Ley piingga inah nu?	Saan pumunta ang inay mo?	Where has your mother gone?
Ley ni huma.	Sa bukid.	To the farm.
Teh ingga heh nu maila ja?	Paano ang pagluluto ng ja?	How do you cook ja?
Betch itu:	Ganito:	Like this:
Iyan pangahinang iya?	Saan yari ito?	What is it made of?

Teh ingga heh nu ngang-
gipit panggih kayu?

Paano ang pagpiga ng
kamoteng kaboy?

How do you press cassava?

Iyan pagbidnaan panggih
maka panggih kayu?

Ano ang kaibhan ng
kamote at kamoteng
kahoy?

What is the difference
between sweet potato
and cassava?

Angey? Iyan bey
hinang na?

Bakit? Ano'ng ginawa
niya?

Why? What did he do?

Ya hinang na itu:

Ganito ang ginawa niya:

This is what he did:

Iyan hap nihinang heh ku?

Ano'ng mabuti kong gawin?


What is the best thing for
me to do?

Iya panduh ku ma kau...

Ang maipapayo ko sa iyo
ay...

My advice to you is...





<i>Sinama</i>	<i>Filipino</i>	<i>English</i>
<u>4. PASAL MAGBILLI MAKA MAGPABILLI</u>	<u>4. PAMIMILI AT PAGBIBILI</u>	<u>4. BUYING AND SELLING</u>
Niyah saging nipabilihan?	May tinda ba kayong saging?	Do you have any bananas for sale?
Ahoh. Dangey billi nu?	Oo. Ilan ang bibilhin mo?	Yes. How many will you buy?
Dasakkat sidja.	Isang piling lang.	Only one bunch.
Dangey halgah na?	Magkano iyan?	How much does that cost?
Sangpuh pilak du.	Sampung piso lang.	Only ten pesos.
Halgaan toongan!	Ang mahal naman!	That's very expensive!
Mbal na taabut ku.	Hindi ko kaya.	I can't afford it.
Niyah gih kulang na?	May tawad pa ba?	Can you give me a discount?
Luhey toongan na koh lu.	Mura na iyan.	That's quite cheap.
Iyan gih billi nu?	Ano pa'ng bibilhin mo?	What else would you like?
Sarang na tu.	Tama na ito.	That's enough.
Bey niyah saging, ley na katis.	Mayroon kaming saging pero naubos na.	We had bananas, but they're all gone now.
Itu na hug nu.	Heto ang sukli mo.	Here is your change.
Tagga ma sarah magdagang alak miitu.	Labag sa batas ang magtinda ng alak dito.	It is against the law to sell liquor here.

Milli kow gas, gasolin, maka insallan.	Bumili ka ng gas, gasolina at mantika.	Buy some kerosene, gasoline, and cooking oil.
Iyan billi nu?	Ano'ng bibilhin mo?	What would you like to buy?
Daputu, bagid maka sakilu sokal.	Isang pakete ng posporo at isang kilong asukal.	One package of matches and one kilo of sugar.
Dangey utang na?	Magkano ang utang niya?	How much does he owe?
Dangey sukey?	Magkano ang pasah/upa?	How much is the fare/rent?
Ley lungey sin ku!	Nawala ang aking pera!	My money is lost!
Anduh. Pautangan ta kow.	Naku! Pauutangin muna kita.	That's too bad. I'll give you credit for now.
Angey mba pasandaan nu aritis nu?	Bakit hindi mo isangla ang iyong hikaw?	Why don't you pawn your earrings?
Heh ku nandah na, sogoh babey gih talakkat ku.	Isinangla ko na, pero hindi ko pa natutubos.	I've already pawned them, but I haven't yet redeemed them.



**5. PASAL MAG-
INDAM MAKA
MAGPAINDAM**

**5. PAGHIRAM AT
PAGPAPAHIRAM**

**5. BORROWING AND
LENDING**

Makajari aku ngindam tukul nu?	Puwede/Maaari bang mahiram ang martilyo ninyo?	May I borrow your hammer?
Ahoh, jari sidja du, sogoh lai gih takaat.	Oo, puwede - kaya lang, nasira.	Well, you could - but it's broken.
Pamagey nu?	Aanhin mo ba?	What will you do with it?
Babuh, indamin ba aku badjuh nu batawi?	Tita, puwede ko po bang mahiram ang damit batawi ninyo?	Auntie, could I borrow your native-style jacket?
Ahoh. Ngagad gih kow. Ngah ku gih.	Oo. Maghintay ka muna, kukunin ko pa.	Yes. Wait a minute, I'll get it.
Na! Daa kow mandahrah. Lai na taindam dinsinih!	Ay! Huwag kang magdamdam. Napahiram ko na, kanina lang.	Oh! Don't be upset! It was already borrowed earlier today.
Siyang bey ngindam buk ku?	Sino ang humiram ng aking libro?	Who borrowed my book?
Papoleun peen sangom itu.	Mamamayang gabí mo isauli.	Return it tonight.
Bey na tabassa nu buk ku? Pasal kagunahan ku sab.	Nabasa mo na ba ang libro ko? Kasi, kailangan ko rin.	Are you finished reading my book? Because I need it again.



Sinama

Filipino

English

**6. PASAL MA
LUMAH**

**6. PAGTUTURO NG
GAWAING
PAMBAHAY**

**6. HOUSEHOLD
INSTRUCTIONS**

Tambolun gih lawang.

Pakisara ang pinto.

Close the door, please.

Sapuhin gih lantey.

Pakiwalis ang sahig.

Sweep the floor, please.

Ukabin gih tandawan.

Pakibukas mo ang mga
bintana.

Please open the windows.

Marokot kow api.

Magparikit ka ng apoy.

Start a fire.

Ngalagah kow boheh.

Magpakulo ka ng tubig.

Boil some water.

Mukal na boheh?

Kumukulo na ba ang tubig?

Is the water boiling?

Timanin bobok kamemon.

Itapon mong lahat ang
basura.

Throw out all the trash.

Kosein tangan nu dahu.

Maghugas ka muna ng
kamay.

Wash your hands first.

Ngain gih aku boheh.

Ikuha mo nga ako ng tubig.

Please get some water for
me.

Daa gih kow ngadjal.

Huwag ka munang
magluto.

Don't cook just yet.

Suin na palitaan.

Sindihaan mo na ang ilawan.

Light the lamp now.

Pakeyatun gih layt.

Buksan mo nga ang ilaw.

Turn on the electric light,
please.

Tarapuhin gih pamanganan.

Punasan mo nga ang mga
pinggan.

Wipe the dishes, please.

Hambinun gih anak ku.	Kargahin mo nga ang aking anak.	Carry my child, please.
Aku nungguh anak na.	Inaalagaan ko ang kanyang anak.	I'm baby-sitting his/her child.
Ngahatul na kow.	Maghain ka na.	Set the table now.
Taguun baanan sawan ma diyalom lamaring.	Ilagay mo ang mga baso sa loob ng kabinet.	Put the glasses in the cupboard.
Tompol barih itu. Asaun gih.	Mapurol ang kutsilyong ito. Pakihasa nga.	This knife is dull. Please sharpen it.
Nangis na anak. Buwahun gih.	Umiiyak ang bata. Iduyan mo siya.	The baby is crying. Swing him/her in the hammock .
Pa-llawan ta gih tepo maka uwan boh mbal bowwan.	Ibibilad pa natin ang mga banig at unan para hindi mabaho.	Let's air out the sleeping mats and pillows so they won't get musty.



Sinama

Filipino

English

**7. PASAL
MAGPOPOH**

7. PAGLALABADA

7. LAUNDRY

Mopoh kita teh naan.	Maglalaba tayo ngayon.	We'll do laundry today.
Bilahi kow mopoan semmek kami?	Gusto mong ipaglaba mo kami?	Do you want to do laundry for us?
Nabun kow maka bohch ulan.	Tubig sa ulan ang gamitin mong pagsabon ng damit.	Wash the clothes in rain water.
Bang mullaw, bohch poon na sab pakeyun.	Tubig sa balun naman ang gagamitin mong pambanlaw.	When rinsing them, use well water.
Bey / Ubos na kow mopoh?	Tapos ka na bang maglaba?	Have you finished doing the laundry?
Pahayangun gih semmek.	Isampay mo na ang mga damit.	Hang out the clothes.
Tohoh na semmek heh muhi?	Tuyo na ba ang mga sinampay?	Are the clothes on the line dry?
Gommoh gih.	Medyo basa pa.	A bit damp still.
Heh na malinsa na semmek nu.	Pinalantsa na niya ang mga damit mo.	She ironed your clothes already.
Bullawin gih pabalik.	Banlawan mong muli.	Rinse it again.
Subey nikola boh poteh.	Kailangan munang ikula para pumuti.	It should be bleached.

Bang tohoh na semmek, loppetun na.	Pagtuyo na ang mga damit, tiklupin mo na ang mga iyon.	When the clothes are dry, fold them.
Sulsihin aku gih dahu geret badjuh itu, bohoh nipopoan.	Sulsihan mo muna ang sira ng damit na ito bago labhan.	Mend the tear in this clothing before it's laundered.
Kagunahan ku amirul maka anyil.	Kailangan ko ng almirol at anyil.	I need starch and laundry blueing.
Sipitin gih badjuh boh maha paleyang heh baliyu.	Gumamit ka ng sipit sa damit para hindi liparin ng hangin.	Use clothes pins so that the clothes won't be blown away.
Sabunin gih pahap.	Sabunin mo pa nang mabuti.	Soap it some more.
Ballitun dahu badjuh boh kow mahayang.	Baliktarin mo muna ang mga damit bago isampay.	Turn the clothes inside out before hanging them out.

<i>Sinama</i>	<i>Filipino</i>	<i>English</i>
8. <u>PASAL WAKTU</u>	8. <u>PAGSASABI NG ORAS</u>	8. <u>TIME</u>
Lisag dangey na?	Anong oras na?	What time is it?
Lisag mpat ka tongah.	Alas kuwatro y medya.	Four-thirty.
Maha niyah lilus ku.	Wala akong relo.	I don't have a watch.
Loggot na tabba teh naan, hap panabba.	Kati ngayon. Mainam mamulot ng mga pagkaing dagat sa mga batuhan.	It is low tide now, good for collecting seafoods from the reef.
Sekot na waktu pangulan.	Malapit na ang tag-ulan.	The rainy season is near.
Bahangihan aku ni huma.	Magdamag ako sa bukid.	I'm going to the farm overnight.
ahad ilu	sa isang linggo	next week
bulan palabey sih	noong isang buwan	last month
tahun itu	ngayong taong ito / sa taong ito	this year
toggol na	matagal na	a long time
maha du toggol	maikling panahon	a short time
Kulang waktu ku.	Kulang ang oras ko.	I'm short of time.
Hamis diilaw.	Huwebes kahapon.	Yesterday was Thursday.
Llaw itu Jumaat.	Biyernes ngayon.	Today is Friday.
Sabtuh pahalu.	Sabado bukas.	Tomorrow is Saturday.

Sumulae Ahad.	Sa makalawa ay araw ng Linggo.	The day after tomorrow is Sunday.
Isnin, Salasa, Albaa	Lunes, Martes, Miyerkoles	Monday, Tuesday, Wednesday
ahad / Ahad	linggo / Linggo	week / Sunday
llaw	araw	day / sun
bulan	buwan	month / moon
dibuhih	kagabi	last night
llaw-llaw	araw-araw	every day
Sangom na.	Gabi na.	It is night now
Ramadan, iya na bulan pagpuwasa.	Ramadan, iyan ang buwan ng pag-aayuno.	Ramadan is the month of fasting.
Llaw sidja kami magpuwasa, mahta sangom.	Sa araw lang kami nag-aayuno, hindi sa gabi.	We fast only during the day, not at night.
Min dangey kow missi daahad?	Ilang beses ka nangingisda sa loob ng isang linggo?	How many times a week do you go fishing?
Daahad mintadda.	Minsan sa isang linggo.	Once a week.
Min duwa daahad.	Dalawang beses sa isang linggo.	Twice a week.
Min dangey kam mangan dangallaw?	Ilang beses kayo kumakain sa loob ng isang araw?	How often do you eat during a day?
Min tatiu.	Tatlong beses.	Three times.
Samilan?	Kailan?	When?

sowmul	bawat panahon / oras	each time
kansang / daran	lagi	often / always
lahang	bihira	seldom
min bey ili sampey...	magmula noon hanggang...	since then until...
Mura-murahan tahah umul nu.	Humaba nawa ang iyong buhay.	May your life be long.
Maha bidda waktu kabilahian nu.	Anumang oras na gusto mo.	Anytime that suits you.

Waktu Pamangan:

inuman

mangan

Oras ng Pagkain:

almusal, miryenda

tanghalian, hapunan

Meal Times:

breakfast / snack

lunch, dinner, supper

Waktu Pagsambahayang:

subu

luhul

asal

magrib

eysa

Mga Oras ng Pananalangin:

bukang liwayway

tanghali

hapon

takipsilim

gabi

Prayer Times:

dawn (before sunrise, about 5:00)

noon (about 12:15)

afternoon (about 3:00)

sunset (about 6:15)

evening (after dark; about 7:30)

Waktu Llaw:

decellaw


Bahagi ng Oras sa Araw:

madaling araw

Times of the Day:

very early morning (begins about 1:00 am)

subu-subu	bukang liwayway	dawn (begins about 5:30 am)
subu	umaga	morning (begins about 6:00 am)
luttu-llaw	tanghali	noon
kohap	hapon	afternoon (begins about 1:00 pm)
kohap-kohap	dapit	late afternoon (begins about 5:30 pm)
kohap toongan	takipsilim	sunset (begins about 6:00 pm)
sangom	gabi	evening (begins about 7:00 pm)
sangom toongan	gabi	night (begins about 10:00 pm)
tongah bahangi	hatinggabi	midnight



<i>Sinama</i>	<i>Filipino</i>	<i>English</i>
9. <u>PASAL PAG-ANAD</u> <u>BAHASA</u>	9. <u>PAG-AARAL NG</u> <u>WIKA</u>	9. <u>LANGUAGE</u> <u>LEARNING</u>
